# Framework sa Kakayahan ng mga Manggagawa sa NDIS: Gamit sa Pagsusuri sa Sarili para sa Potensyal na mga Manggagawa

## NDIS Workforce Capability Framework: Self-Assessment Tool for Potential Workers Filipino

Ang Framework sa Kakayahan ng mga Mangagawa sa NDIS o NDIS Workforce Capability Framework (ang Framework) ay naglalarawan ng mga saloobin, kasanayan at kaalaman na dapat asahan mula sa lahat ng mga manggagawa na pinondohan sa ilalim ng NDIS. Nagbibigay ito ng malinaw, praktikal na mga halimbawa at nagtatatag ng isang ibinahaging wika ng 'kung ano ang hitsura ng mabuti' para sa mga kalahok na tumatanggap ng mga serbisyo at suporta ng NDIS. Sinusuportahan ng gamit (tool) na ito ang paggamit ng Framework upang masuri ang kaangkupan para sa pagtatrabaho sa sektor ng NDIS.

Ang Gamit (Tool) sa Pagsusuri sa Sarili para sa Potensyal na mga Manggagawa ay maaaring suportahan ang mga nagsisimula pa lang maghanap ng trabaho at mga taong nagtatrabaho sa labas ng sektor ng kapansanan na maaaring pinag-iisipang magtrabaho sa NDIS. Ang tool ay gumagamit ng isang maikling survey at mga halimbawa ng suportang trabaho upang ipakita kung ano ang maaaring anyo ng pagtatrabaho sa sektor.

*Ang pag-unawa kung ano ang mga kakayahan at kasanayan na kinakailangan ng mga suportang manggagawa at kung ikaw ay naaakma para sa trabaho, ay susi sa pagpapasya kung ang tungkulin sa industriya ay angkop sa iyo.*

## Ano ang dapat asahan

Ang mga tanong ay batay sa mga katangian at kakayahan na inilarawan sa Framework.

- **Alamin:** Alamin kung ano ang maaaring anyo ng pagtatrabaho sa may-kapansanan para sa iyo.
- **Unawain:** Alamin ang higit pa tungkol sa mga kasanayan na kinakailangan para sa ganitong uri ng trabaho.
- **Pag-isipan:** Ang unang bahagi ay tumitingin sa iyong mga saloobin at mga pinahahalagahan. Hihilingin sa iyo na ibigay ang antas ng iyong pagsang-ayon o hindi pagsang-ayon sa serye ng mga pahayag.
- **Bigyang konsiderasyon:** Ikaw ay magbabasa ng mga halimbawa ng mga sitwasyon ng pagsuporta na nangyayari kapag nagtatrabaho sa sektor ng may-kapansanan at piliin kung anong aksyon ang iyong gagawin mula sa mga pagpipilian. Tatanungin ka rin kung ano ang iyong naramdaman sa inilarawan na sitwasyon.
- **Pag-aralan:** Hihilingin sa iyo ng ikatlong bahagi na magpasok ng impormasyon tungkol sa iyong karanasan sa buhay at trabaho na maaaring may kaugnayan sa pagtatrabaho sa sektor ng may-kapansanan.
- **Magpasya:** I-access ang iyong mga resulta at pangkalahatang patnubay sa mga susunod na hakbang upang matulungan ka sa iyong desisyon.

## Gamit (tool) sa pagsasanay:

Si Abeni ay interesado sa isang karera sa sektor ng may-kapansanan, ngunit hindi siya sigurado kung ano ang dapat asahan o kung ano ang mga kwalipikasyon at kasanayan na kailangan niya. Ginagamit niya ang **Self-Assessment Tool para sa Potensyal na mga Manggagawa**, at partikular na gusto niya ang mga inilarawang sitwasyon, na nagbibigay sa kanya ng mas magandang ideya tungkol sa uri ng trabaho na maaari niyang gawin. Sinasabi sa kanya ng pagsusuri na mayroon siyang mga saloobin, pinahahalagahan at kasanayan na magiging mahusay para sa gawaing pagsuporta.

Ang tool ay nagbibigay din ng mga mungkahi tungkol sa karagdagang pagsasanay o mga oportunidad na maaaring subukan ni Abeni upang matulungan siyang makahanap ng trabaho sa sektor, at kung paano niya magagamit ang kanyang kasalukuyang mga kasanayan sa bagong tungkulin. Ngayong malinaw na kung anong pag-unlad ang kakailanganin niya at kung anong mga uri ng trabaho ang maaari niyang pag-apply-an, ginagamit ni Abeni ang **Career Options Guide** upang malaman ang higit pa tungkol sa iba't ibang mga tungkulin na maaari niyang gawin at magsimula ng isang plano para sa pagbuo ng karera sa sektor ng suporta sa may-kapansanan.

### Pag-access at paggamit ng tool

Ang Tool sa Pagsusuri ng Sarili para sa mga Potensyal na mga Manggagawa ay pinakamahusay na gamitin online, gayunpaman, mayroong available na maaaring ma-download at ma-access na bersyon ng tool na nasa Word na dokumento.

Maaari mong isagawa ang pagsusuri nang maraming beses hangga't sa iyong gusto, at kung nais mong itabi ang iyong mga resulta upang sumangguni dito sa ibang pagkakataon, maaari kang magpadala ng isang link sa iyong nakumpletong mga resulta sa pamamagitan ng email sa sandaling naipasok mo na ang lahat ng kinakailangang impormasyon. Maaaring gamitin ng mga provider ang tool bilang bahagi ng kanilang pagsusuri sa potensyal na mga manggagawa.

**I-access ang tool:** Tool sa Pagsusuri ng Sarili para sa Potensyal na mga Manggagawa | Kakayahan ng mga Manggagawa sa NDIS (ndiscommission.gov.au)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Framework o sa pagpapatupad nito, bisitahin ang website**:** https://workforcecapability.ndiscommission.gov.au/.

**Makipag-ugnay sa:** workforcecapability@ndiscommission.gov.au o 1800 035 554.